## Ang Karunungan ni Haring Solomon
(1 Hari 3:1-15)



Sa sinaunang kaharian ng Israel, may isang batang hari ang umupo sa trono, na nais sumunod sa yapak ng kanyang amang si Haring David. Siya ay si Haring Solomon. Bago mamatay si Haring David, sinabi niya kay Solomon na siya ang kanyang pinili na maging susunod na hari. Binilin niya sa kanya na mamuhay siya ng ayon sa kalooban ng Diyos. Sundin ang Kanyang mga batas, utos, hatol at tuntunin ayon sa nakasulat sa Kautusan ni Moses upang magtagumpay siya sa lahat niyang gawain.

Sa kabila ng kanyang kabataan, hangad ni Solomon na mamuno nang may katalinuhan, makatarungan, at debosyon sa Diyos. Tulad ng kanyang ama, mahal ni Solomon ang Diyos at hinangad niya ang Kanyang pabor.

Minsan, pumunta si Solomon sa Gibeon upang maghandog sa Diyos. Nang gabing iyon, habang siya ay natutulog, nagpakita sa kanya ang Panginoon sa isang panaginip. Sinabi ng Diyos, "Humingi ka ng kahit ano at ibibigay ko ito sa iyo".

Sumagot si Solomon, "Nagpakita po kayo ng malaking kabutihan sa aking amang si David, na inyong lingkod, dahil matapat siya sa inyo, at matuwid ang kanyang pamumuhay. Patuloy N'yo pong ipinakita sa kanya ang Inyong malaking kabutihan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isang anak na siya pong pumalit sa kanya bilang hari ngayon. Panginoon na aking Dios, ako na inyong lingkod ang ipinalit Ninyo sa ama kong si David bilang hari, kahit binatilyo pa ako at wala pang karanasan sa pamamahala. At ngayon narito po ako kasama ang pinili Ninyong mga mamamayan, na hindi mabilang sa sobrang dami. Kaya bigyan N'yo po ako ng karunungan para pamahalaan ang Inyong mga mamamayan at kaalamang malaman kung ano ang mabuti at masama. Dahil sino po ba ang may kakayahang mamahala sa Inyong mga mamamayan na napakarami?"

Nagalak ang Diyos sa kanyang hiniling. Kaya sinabi ng Diyos sa kanya, "Dahil humingi ka ng kaalaman na mapamahalaan ang Aking mga mamamayan at hindi ka humingi ng mahabang buhay o kayamanan o kamatayan ng iyong mga kaaway, ibibigay Ko sa iyo ang kahilingan mo. Bibigyan kita ng karunungan at kaalaman na hindi pa naangkin ng kahit sino, noon at sa

darating na panahon. Bibigyan din kita ng hindi mo hiningi, ang kayamanan at karangalan para walang hari na makapantay sa iyo sa buong buhay mo. At kung susunod ka sa Aking mga pamamaraan at tutupad sa Aking mga tuntunin at mga utos, katulad ng ginawa ng iyong ama na si David, bibigyan kita ng mahabang buhay."

Nang magising si Solomon, naunawaan niya na nakipag-usap sa kanya ang Diyos sa pamamagitan ng panaginip. Pagbalik sa Jerusalem, tumayo si Solomon sa harap ng Kaban ng Tipan at nag-alay ng mga handog na susunugin at mga handog para sa kapayapaan. Pagkatapos, naghanda siya ng isang celebrasyon para sa kanyang mga pinuno.

Ang Diyos ang pinagmumulan ng tunay na karunungan. Nang si Solomon ay humingi ng isang maunawaing puso, ipinagkaloob ito ng Diyos, na nagpapakita na ang banal na karunungan ay makukuha ng mga taimtim at mapagpakumbabang naghahanap nito.

